

Deklarasyong ukol sa Pagbabago ng Klima mula sa Kapwa-nanampalataya

Sentro sa lahat ng paniniwala sa Mundo ang pagkalinga at paggalang para sa buhay na inilikha. Ngunit, mula sa mapanganib na *greenhouse gas emissions* nilalagay natin sa panganib ang buhay sa Mundo sa kasalukuyan. Buhat sa mga gas na ito, nawawala ang katatagan ng sistemang pang-klima sa mundo, kung kaya't laganap ang pag-init ng Mundo at asidipikasyon ng dagat, na naipapahamak ang sangkatauhan at lahat ng nabubuhay.

Kapansin-pansin ang delikadong balanse sa Kapaligiran, bagamat laganap ang mga nakasasama at nakapapahamak na gawain ng tao, ang mga ito'y nagdudulot ng di-maiwasang pagbabago sa ating kalangitan, mundo, dagat at buhay na inilikha. Ngayon, nag-iisa ang ating mga relihyon sa panukalang pagkalinga para sa Mundo, pagprotekta ng mga mahirap at nasalanta. Pinagpapanukala ng mga prinsipyo't tradisyon ng ating mga paniniwala, at ng kolektibong karunungan at damayan, ang pagtaguyod ng kilusang laban sa pagbabago ng klima.

Kinikilala namin ang agham ng pagbabago ng klima, at panukala namin sa mga pangulo ng mundo ang pagkakaroon ng layuning nakatatandang bawasan ang paglaganap ng greenhouse gas buhat sa mga resolusyong matatag at base sa agham nang maiwasan ang nakapapahamak na krisis ng klima. Panukala namin ang pagtulong sa mga maaring masalanta ng malakas na bagyo, labis ng tag-tuyo't pagtaas ng lebel ng dagat na siyang mga pangyayari sa kalikasan buhat sa pagbabago ng klima, nawa'y matulungan ng lahat ng bansa sa Mundo silang maprotektahan, maiakma at maitaguyod ang kanilang pamumuhay.

Kinikilala naming hindi lamang problemang teknikal o pang-ekonomiya lamang ang pagbabago ng panahon, sapagkat sa puno't-dulo nito ang problemang moral, spiritwal, at pang-kultura. Sa gayon, isinusumpa naming magkaisa para maturuan at mapatnubayan ang mga taong sumasaisa sa aming pananampalataya. Kailangan natin lahat matutunang mamuhay nang sama-sama, sa pagkikinabang sa ating iisa't limitadong planeta.

Kinikilala naming na nagpapamalas sa atin ng malaking oportunidad ang pagbabago ng panahon, sa katuwang pagpapamalas ng malaking paghamon sa atin. Maaring maitaguyod ang ekonomiya sa paraang nakasusustento, mula sa pagiiwas ng pagbabago ng klima, sa pagprotekta ng ating planeta, sa pag-alay ng intensyon ng mga naghihirap at sa pagkakaisa ng katauhang naghihirap sa harap ng iisang panganib. Sumasagot sa aming panawagang makatarungan, maawain at akma sa pinakamataas na birtud ang pagtulong sa mga komunidad na nasa panganib na mabuhay at iakma ang sarili laban sa pagbabago ng klima

Ipinapangako naming kumilos—para ibahin ang aming kinasanayan, aming mga gawain, at ang paraan ng aming pagtingin sa mundo—patungo sa aralin at pag-tuturong mapangalagaan ang ating kaisa-isang tahanan, ang ating planetang Earth, at pagpapanatili ng kundisyong pang-klima na siyang basehan ng lahat ng buhay, sa aming kapamilya, kaibigan at kapwa-nananampalataya.

Sa ganitong diwa, tinatawag namin ang aming mga pinuno, ang mga kapwa-nananampalataya, at ang sangkatauhan sa Daigdig para harapin ang mapanganib na katotohanan na ating hinaharap, ang pangangailangan at responsabilidad para sa mabilisang pagkilos at ang oportunidad para sa pagbabago.